Republika ng Pilipinas
Kagawaran ng Edukasyon
Rehiyon VII, Gitnang Visayas
**CITY SCHOOLS DIVISION- TAGBILARAN CITY**
Siyudad ng Tagbilaran

Pebrero 2, 2018

Pandibisyong Memorandum
Blg. 069 s, 2017

**SALING PANITIK: PALIHANG BIENVENIDO LUMBERA NG LIKHAAN: UNIVERSITY OF THE PHILIPPINES INSTITUTE OF CREATIVE WRITING**

**Sa mga :** Tagapamanihala ng mga Paaralan
Punongguro ng mga Paaralang Pampubliko at Pampribong Elementarya at Sekundarya

1. Alinsunod sa Advisory BLg. 024, s. 2018, ang LIKHAAN: University of the Philippines Institute of Creative Writing ay magdaraos ng proyektong Saling Panitik: Palihang Bienvenido Lumbera na seminar para sa mga guro at iba pa hinggil sa pagsasalin mula Pebrero 8 hanggang 10, 2018 sa University Hotel, University of the Philippines, Diliman, Lungsod Quezon.

2. Ang layunin ng seminar palihan ay ang mga sumusunod:
   a. Maitanghal ang partikularidad ng pagsasalin bilang isang disiplinang akademiko at propesyonal lalo na sa literature;
   b. Maitampok ang mga espesipikong kalakaran at pinakamaiinam na praktika ng pagsasalin sa perspektibang panrehiyon;
   c. Maiagpang sa mga karanasang Bikol, Iloko, at Pangasinense sa pagsasalin ng mga tekstong panliteratura; at
   d. Makapaglatag ng mga panukalang hangarin at hakbang para sa higit na kolaborasyon sa pagsusulong ng mga proyekto sa pagpapalitang-teksto ng mga wika sa Pilipinas.

3. Ang mga inaasahang dadalo sa seminar- palihan ay ang mga tagapangulo at miyembro ng kaguruan ng Kagawaran ng Filipino sa bawat paaralan.

4. Ang patakaran sa partisipasyon ng mga guro at mag-aaral sa pampubliko at pampribadong paaralan ay dapat naaayon sa no-disruption-of-class policy na nakasaad sa DepEd Order No. 9 s. 2005.

5. Para sa karagdagang impormasyon, makipag-ugnayan kina:

- Dr. Romulo P. Baquiran Jr.
  Direktor ng Kumperensiya
- Prop. Joel M. Toledo
  Kalihim ng Kumperensiya
- LIKHAAN: University of the Philippines (UP)
  Institute of Creative Writing (ICW)
  Room 3200, Pavilion 3
  Palma Hall, Roxas Avenue
  UP Diliman, Quezon City
  Telepono : (02) 981-8500 lokal 2117
  Mobile : 09228114449
  Email : uplikhaan@gmail.com

6. Hinihiling ang maagap at malawakang pagpapalaganap sa impormasyong ito.

**VIRGINIA C. ZAPANTA, Ed.D., CESO V**
Schools Division Superintendent